Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa


PATNUBAY SA MISA

2 Nobyembre 2025 Paggunita sa Lahat ng mga Pumanaw na Kristiyano

# Kamatayan at Buhay kay Kristo

*Alinsunod sa nilalaman ng Pagpapahayag ng Salita ng Diyos at temang hango rito, may natatangi tayong pagkakataong magnilay sa isang napakahalagang katotohanan sa ating pananampalataya – paniniwala sa muling pagkabuhay ng mga yumao at buhay na walang hanggan para sa lahat ng karapat-dapat.*

*Sa pagdiriwang ng Eukaristiya ngayon, alalahanin natin nang buong pagmamahal at pasasalamat lahat ng ating mga mahal sa buhay na pumanaw. Idulog natin sa Panginoon upang Kanyang kahabagan ang lahat ng namatay kay Kristo, lalo na yaong mga nasawi sa mga sakuna at mga karahasang pantao at mga di inaasahang kamatayan. Tanggapin nawa sila ng Panginoon sa kapayapaan ng Kanyang Kaharian.*




## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Nabuhay si Hesukristo**
**gayun din ang mga tao.**
**Pinangyari niya ito**
**nang malapit na totoo**
**sa Diyos ang buong mundo.**
***(1 Tes 4, 14; 1 Cor 15, 22)***

### Pagbati

*P* –Pagpalain ang Diyos na naghanda para sa atin ng isang buhay ng walang hanggang kaligayahan. Ang Kanyang pagmamahal at kapayapaan ay sumainyong lahat.
*B* –**At sumaiyo rin.**

### Pagsisisi

*P* –Habang naghahanda tayo para sa pagdiriwang ng mga Banal na Misteryo, alalahanin natin ang ating mga pagkakasala at hilingin sa Panginoon ang kapatawaran at higit na katapatan. *(Tumigil sandali.)*

*P* –Panginoong Hesus, nais mong makibahagi kami sa kaningningan ng iyong muling pagkabuhay, ngunit malimit naming ibig na mabulok sa karimlan ng aming mga kasalanan. Panginoon, kaawaan mo kami.
*B* –**Panginoon, kaawaan mo kami.**

*P* –Panginoong Hesus, hindi mo tinatanggihan ang sinumang lumalapit sa iyo, ngunit kami itong tumatanggi sa ilan sa aming mga kapatid na nang dahil sa kanila, ikaw ay namatay. Kristo, kaawaan mo kami.
*B* –**Kristo, kaawaan mo kami.**

*P* –Panginoong Hesus, nangako kang ibabangon kami sa huling araw, ngunit malimit kaming umaasal na para bang walang buhay na walang hanggan. Panginoon, kaawaan mo kami.
*B* –**Panginoon, kaawaan mo kami.**

*P* –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
*B* –**Amen.**

### Panalanging Pambungad

*P* –Ama naming makapangyarihan, dinggin mo ang aming mga kahilingan upang sa pagpapahayag ng aming pananampalataya sa Anak mong nabuhay mula sa mga patay ang aming pag-asang manabik sa pagkabuhay ng mga lingkod mo ay tumibay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
*B* –**Amen.**

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A “love offering” for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to “Word And Life Publications.” Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** ***Kar 3, 1-9***

*Ang siping ito na hango sa Aklat ng Karunungan ay nagbibigay-diin sa pagkakaiba ng "mga hangal" na ang turing sa kamatayan ay "lubos na pagkasira" ng tao, at ng "marurunong" na ang turing sa kamatayan ay siyang saglit ng pagkuha ng Diyos sa tao upang isama at makibahagi sa Kanyang walang hanggang kaluwalhatian.*

*L* –Pagbasa mula sa Aklat ng Karunungan

**Ang mga matuwid ay nasa kamay ng Diyos, at di sila makararanas ng kamunti mang pahirap. Sa akala ng mga hangal, ang mga matuwid ay namamatay; iniisip nilang ang kamatayan ay kapahamakan, at ang pagpanaw nila ay tuluyang paglaho. Ngunit ang totoo, sila'y nananahimik na. Bagamat sa tingin ng tao sila'y pinarusahan, ngunit ang totoo, sila'y nasa buhay na walang hanggan. Ang kaunting pagtitiis nila ay tutumbasan ng malaking pagpapala, napatunayan ng Diyos na sila'y karapatdapat.**

**Sila'y kanyang sinubok, tulad ng ginto sa tunawan, kaya't sila'y tinanggap niyang parang handog na sinusunog. Pagdating ng Panginoon para gantimpalaan ang mga banal, magniningning silang parang ningas ng nagliliyab na dayami. Sila ang mamamayani sa mga bansa sa daigdig. At ang Panginoon ang maghahari sa kanila magpakailanman. Ang mga nagtitiwala sa kanya ay makauunawa sa katotohanan ng kanyang pamamaraan. At ang mga naging tapat sa kanya ay mamumuhay na kasama niya sa kanyang pag-ibig, sapagkat siya'y mabuti at maawain sa kanyang mga hinirang.**

Ang Salita ng Diyos.


*B* –**Salamat sa Diyos.**

**Salmong Tugunan**

***Awit 26, 1. 4. 7 at 8b at 9a. 13-14***

*B –Tanglaw ko at kaligtasan ang Panginoong Maykapal.*

*R. M. Velez*




*** Tanglaw ko'y ang Poon, aking kaligtasan, kaya walang takot ako kaninuman; sa mga panganib kanyang iingatan, kaya naman ako'y walang agam-agam.** ***B.***

*** Isang bagay lamang ang aking mithiin, isang bagay itong sa Poon hiniling: Ang ako'y lumagi sa banal na templo upang kagandahan niya'y mamasdan ko at yaong patnubay niya ay matamo.** ***B.***

*** O Diyos, ako'y dinggin sa aking pagtawag, lingapin mo ako, sa aki'y mahabag. Ang paanyaya mo'y, "Lumapit sa akin." Huwag kang magkukubli't kita'y hahanapin.** ***B.***

*** Ako'y nananalig na bago mamatay, masasaksihan ko ang 'yong kabutihan na igagawad mo sa mga hinirang. Sa Panginoong Diyos tayo'y magtiwala! Ating patatagin ang paniniwala; tayo ay umasa sa kanyang kalinga.** ***B.***

**Ikalawang Pagbasa** ***Ro 6, 3-9***

*Sa maikling siping ito na maririnig nating ipahahayag, inaanyayahan tayo ni San Pablong magnilay sa mga implikasyon ng ating Binyag sa ating moral na buhay. Kung paanong sa ating Binyag nakikibahagi tayo sa kamatayan at muling pagkabuhay ni Kristo, ang buhay natin ay marapat ding tampukan ng pagkamatay sa pagkakasala at pamumuhay alinsunod sa biyaya ng Diyos.*

*L*– Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

**Mga kapatid, hindi ba ninyo nalalaman na tayong lahat na nabinyagan kay Kristo Hesus ay nabinyagan sa kanyang kamatayan? Samakatwid, tayo'y namatay at nalibing na kasama niya sa pamamagitan ng binyag upang kung paanong binuhay na muli si Kristo sa pamamagitan ng dakilang kapangyarihan ng Ama, tayo nama'y mabuhay sa isang bagong pamumuhay. Sapagkat kung nakaisa tayo ni Kristo sa isang kamatayang tulad ng kanyang kamatayan, tiyak na makakaisa niya tayo sa isang muling pagkabuhay tulad ng kanyang pagkabuhay. Alam natin na ang dati nating pagkatao ay ipinakong kasama niya upang mamatay ang makasalanang katawan at nang hindi na tayo maalipin pa ng kasalanan. Sapagkat ang namatay na ay pinalaya mula sa kapangyarihan ng kasalanan. Ngunit tayo'y naniniwalang mabubuhay tayong kasama ni Kristo kung namatay tayong kasama niya. Alam nating si Kristo na muling binuhay ay hindi na muling mamamatay. Wala nang kapangyarihan sa kanya ang kamatayan.**

Ang Salita ng Diyos.

*B* –**Salamat sa Diyos.**

**Aleluya** ***Jn 6, 40***

*B* –**Aleluya! Aleluya!**
**Mabubuhay kailanman**
**ang manalig sa hinirang**
**na Manunubos ng tanan.**
**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** ***Jn 6, 37-40***

*Ang Huling Paghuhukom ay magiging isang napaka-dramatiko at mapagpasyang sandali. Si Hesus mismo ang magiging patas na Hukom na hindi nagkakamali. Lahat ng tao ay gagantimpalaan o parurusahan ayon sa paraan ng kanilang pakikitungo sa kanilang kapwa.*

*P*– Sumainyo ang Panginoon.

*B*–**At sumaiyo rin.**

*P* –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo

*B* –**Papuri sa iyo, Panginoon.**

**Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa mga tao, "Lalapit sa akin ang lahat ng ibinibigay sa akin ng Ama. At hindi ko itataboy ang sinumang lumapit sa akin. Sapagkat ako'y bumaba mula sa langit, hindi upang gawin ang kalooban ko, kundi ang kalooban ng nagsugo sa akin. At ito ang kanyang kalooban: huwag kong pabayaang mawala kahit isa sa mga ibinigay niya sa akin, kundi muling buhayin sila sa huling araw. Sapagkat ito ang kalooban ng aking Ama: ang**

**lahat ng makakita at manalig sa Anak ay magkaroon ng buhay na walang hanggan. At sila'y muli kong bubuhayin sa huling araw."**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

*B* –**Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

### Homiliya

### Panalangin ng Bayan

***P*** –Kaisa ng lahat ng naniniwalang walang kamatayan ang kaluluwa at muling mabubuhay ang ating katawan, ipanalangin natin ang mga pangangailangan ng lahat ng nabubuhay at nangamatay. Maging tugon natin ay:

***B*** –**Panginoon, dinggin ang aming panalangin.**

* Para sa lahat ng mga Kristiyano sa buong daigdig: nawa ang asal nila'y laging maging pagbibigay-saksi sa pananampalatayang ipinahahayag ng mga labi nila at sa pag-asa sa buhay na walang hanggan. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa Santo Papa, mga obispo, at lahat ng ibang pinunong espirituwal: nawa magpatuloy silang magpahayag ng turo ng Simbahan nang buong linaw at tapang, at isabuhay ito araw-araw. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa ating mga pinuno ng pamahalaan at lahat ng may pananagutan sa pagtataguyod ng kabutihan ng lahat: nawa ipagtanggol nila ang matuwid, gawin ang tama, at pigilan ang mga nagpapahamak sa madla. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa mga doktor, nars, at mga taong nag-aalaga sa may malulubhang karamdaman: nawa tumupad sila sa kanilang mga tungkulin nang may paggalang sa kabanalan ng tao at pasiglahin nila ang kanilang mga pasyente sa pag-asa sa kaligayahang walang hanggan. Manalangin tayo. ***B.***

***P*** –Panginoon, nagpapasalamat kami sa Iyo sa pagbibigay Mo sa amin ng ganitong pagkakataon upang gunitain ang aming mga yumao at tulungan sila sa kanilang kasalukuyang pangangailangan sa pamamagitan ng aming pagdarasal. Pagkalooban Mo sila, Panginoon, ng kapayapaan at kaligayahang ninanais namin para sa aming lahat. Isinasamo namin ito sa ngalan ni Hesus na aming Panginoon.

***B*** –**Amen.**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P***– Manalangin kayo . . .

***B***– **Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### Panalangin ukol sa mga Alay

***P*** –Ama naming Lumikha, ang aming mga alay ay iyong kalugdan upang ang mga pumanaw ay maiakyat sa kaluwalhatian sa piling ng iyong Anak na kaugnay namin ngayon dahil sa kanyang pakikisamang matapat bilang Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B***– **Amen.**

### Prepasyo

***P*** –Sumainyo ang Panginoon.

***B*** –**At sumaiyo rin.**

***P*** –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

***B*** –**Itinaas na namin sa Panginoon.**

***P*** –Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.

***B*** –**Marapat na siya ay pasalamatan.**

***P*** –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon. Sa gabi ng kamatayan ay pag-asang sumisilay ang muli niyang pagkabuhay na aming kinabukasan. Loob nami'y lumalakas ngayong aming natitiyak na kamataya'y lilipas, di ito ang aming wakas. Sa sandali ng pagpanaw ikaw ang aming hantungan. Kaming ngayo'y namamatay, sa 'yo bukas mabubuhay. Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B*** – **Santo, santo, santo, Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan.**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan.**

### Pagbubunyi

***B***– **Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

## PAKIKINABANG

***B***– **Ama namin . . .**

***P***– Hinihiling namin . . .

***B***– **Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman. Amen.**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B***– **Kordero ng Diyos na nagaalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

**Kordero ng Diyos na nagaalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

***P***– Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

***B***–**Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Pagkabuhay ako't buhay,**
**nabubuhay na sinumang**
**ako'y pinananaligan**
**ay di mapapanaigan**
**ng kamatayan kailanman.**

***(Jn 11:25-26)***

**Panalangin Pagkapakinabang**

*P* –Ama naming mapagmahal, ang mga yumao nawa'y makarating sa iyong tahanang mapayapa't maningning, pakundangan sa ipinagdiriwang naming pagkabuhay ni Hesukristo na naghahari kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

*B* –**Amen.**

**PAGWAWAKAS**

*P* –Sumainyo ang Panginoon.

*B* –**At sumaiyo rin.**

*P* –Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

*B* –**Amen.**

*P* –Humayo kayo upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.

*B* –**Salamat sa Diyos.**

# Pag-asang Sumisira sa Hangganan ng Kamatayan

Ang kamatayan ay isang di-maiiwasang katunayan para sa lahat ng nilalang. Isa itong malaking hiwaga para sa ating mga tao. Mayaman at mahirap, makapangyarihan at mahina, inaapi at nang-aapi, mabuti at masama . . . lahat ay tiyak na aabot sa wakas na Diyos lamang ang nakaaalam kung kailan, paano at saan sasapit.

***Tayong mga Kristiyano ay naniniwalang di lahat ay nagtatapos sa kamatayan.*** Ang kaluluwa ng tao ay patuloy na mabubuhay. Bagamat ang kamatayan ay nagtatapos sa bahaging panlupa ng buhay ng tao, ito ay isa ring pagbabago ng sitwasyong pantao at pagiging "bago," kahit na ito'y depende sa kung paano tayong nabuhay, lalo na sa mga huli nating sandali.

***Ang bagong anyo ng buhay ng kaluluwa ng mga yumao ay di pare-pareho.*** Ito ay itinatakda ng isang pangwakas na paghuhukom sa isang ***personal na pakikipagtagpo sa Diyos ng bawat kaluluwa sa buong katotohanan at katarungan.*** Ang hatol ay ibubunyag sa huling paghuhukom lamang.

Lahat ng ito ay bahagi ng "hiwaga ng kamatayan." Gayunman, ang ating kawalan ng alam sa kapalaran ng mga yumao ay di natin sukat ikatakot, pagkat alam nating ***ang Diyos ay di lamang makatarungan, kundi mahahabagin din*** at hindi tumatanggi sa dumudulog sa Kanya nang pakumbaba at may pananalig *(sangguniin Jn 6:37).*

Ayon din sa ating Katolikong pananampalataya, ***tayong nabubuhay pa ay nabubuklod sa mga yumao sa tinatawag na "Kaisahan ng mga Santo."*** Sa pamamagitan ng ating mga dasal, sakripisyo, alay, at pagkakawanggawa, makatutulong tayo sa mga nauna na sa atin sa kabilang buhay. ***Ang mga dasal ngayon ay makatutulong magligtas sa isang namatay nang matagal,*** pagkat sa Diyos, bawat saglit, gaano man ito katagal na para sa atin, ay "ngayon" pa rin.

Lahat ng ito ay di naman gawa-gawa lamang para aliwin ang mga nangungulila sa kanilang mga mahal na yumao. ***Ito ay isang katotohanang*** turo ng Simbahan sa gabay ng Espiritu upang mapuspos ng *pag-asa at pagmamahal* ang ating pananaw sa kamatayan.

Nananalig tayong walang sinuman ang dapat mawalan ng pag-asa sa kaligtasan ninuman, kahit na ng mga namatay nang di nakatanggap ng mga sakramento at waring di nakapagsisi sa kanilang mga kasalanan. ***Lahat nga ay labas sa sarilinang pagtatagpo ng Diyos at ng bawat kaluluwa sa huling paghuhukom, ngunit hindi ang mabisang pamamagitan ni Hesukristo at ng lahat niyang "kaibigan" . . .***

Sukat tayong maganyak magpatuloy sa pagdarasal, pagpapatungkol ng mga sakripisyo, at lalo na sa pag-aalay ng Eukaristiya para sa mga yumao. Ito lamang ang ating kayang gawin – ngunit malaking bagay naman itong talaga – para sa lahat nating kapatid na yumao.


Ang pagdalaw natin sa sementeryo, lalo na kung Araw ng mga Kaluluwa, ang ating mga dasal, pagsisindi ng kandila, at pag-aalay ng mga bulaklak ay tagapagpahayag na: ***"Naniniwala kaming ang aming mga yumao ay buhay sa Diyos, at nais naming ipakita ang aming pag-asa at pagmamahal sa kanila sa pamamagitan ng ganitong mga gawang pangkabanalang naging mahalaga sa pamamagitan ni Hesukristong aming Panginoon."*** Dahil sa kanyang pagkamatay at muling pagkabuhay, ang ***kamatayan*** ay di lamang naging katanggap-tanggap, kundi tunay pang naging ***"pagtuloy sa buhay na walang hanggan."***

WORD AND LIFE PUBLICATIONS

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. R. De Guzman, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua



Word And Life Publications
2026 Executive Desk Calendar
Our 2026 Executive Desk Calendar
features key moments in the life of Pope Leo XIV.
Let's explore more about our Holy Father, Robert Francis Prevost.
These milestones show how Pope Leo XIV has
profoundly influenced the Church and still
guides its followers with compassion
and wisdom.
EXECUTIVE DESK CALENDAR
2026
JANUARY 2026
JUBILEE 2025
PILGRIMS OF HOPE
SRP: P80.00
minimum of 100 pcs. P75.00
minimum of 200 pcs. P70.00
minimum of 300 pcs. P65.00
400 pcs. & above P60.00
Size: 8.50" X 6"inches
Word And Life Publications / Word And Life Religious Store
https://shopee.ph/wordandlifereligiousstore_2021
https://www.lazada.com.ph/shop/salitaatbuhaystore
Tel. Nos. (632) 8894-5401 • 8845-1792 • 8818-8636 • 0917-6295485
Scan our QR CODES for our online shops at Shopee and Lazada.
Lazada
Shopee

Word And Life Publications
2026 LITURGY GUIDE AND PRAYER BOOK
The Liturgy Guide contains the following:
• The Daily Liturgical Reading Guide
• The Solemnity / Feast / Memorial of the Day
• The Indicator for the Color of the Liturgy
• The Non-Liturgical Commemorations / Observances
• Highlight on the Life of Pope Leo XIV
The Prayer Book contains the following:
• Praying with the Psalms
• Canticles from the New Testament
• Popular Catholic Prayers
• Prayers to Mary Most Holy
• Devotional Prayers to Jesus, our Lord
• The Holy Hour
• Litany of the Holy Eucharist
• The New Way of the Cross
• The Trail of Light
• The Mysteries of the Rosary
• The Five First Saturday Devotion
• The List of the Book of the Bible
LITURGY GUIDE & PRAYER BOOK 2026
JANUARY
SRP P75.oo
Minimum of 100 pcs P72.oo each
Minimum of 200 pcs P65.oo each
Minimum of 300 pcs and above P62.oo each
Size: 4" x 6" (folded)
JUBILEE 2025
PILGRIMS OF HOPE
Our 2026 Pocket Liturgy Guide and Prayer Book features key moments in the life of Pope Leo XIV.
Let's explore more about our Holy Father, Robert Francis Prevost.
These milestones show how Pope Leo XIV has profoundly influenced the Church
and still guides its followers with compassion and wisdom.
Scan our QR CODES for our online shops at Shopee and Lazada.
Lazada
Shopee